Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-15 NG MAYO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:27 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar ............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento ............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 143-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 20-T'2002 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 3-T'2002 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL NA INILALAAN ANG PONDONG NATIRA NANG TAONG 2001 NA NAGKAKAHALAGA NG PITUMPU'T ANIM NA LIBO SIYAMNARAAN WALUMPU'T SIYAM NA PISO AT PITONG SENTIMOS (P76,989.07) PARA SA PAGPAPAAYOS NG BAHAY-PAMAHALAAN AT PAGLALAGAY NG MGA DIBISYON AT CABINET SA HALAGANG P35,000.00; GASTUSIN PARA SA KESONG PUTI FESTIVAL (P20,000.00); TALAKAYAN SA BARANGAY (P10,000.00) AT BISIKLETA PARA SA MGA BARANGAY TANOD (RONDA) (P11,989.07).*

*SAPAGKA'T*, ang paglalaan ng P76,989.07 na natira nang taong 2001 ay isinagawa ng Barangay Bubukal sa layuning maipagpatuloy ang mga layunin at programang makatutugon para sa kaunlaran at kabutihan ng mga mamamayan ayon sa nasasaad sa Kapasiyahan Blg. 20-T'2002 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 3-T'2002 ng nabanggit na sangguniang barangay.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Louie C. de Leon, Roselon F. Pamatmat at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 20-T'2002 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 3-T'2002 ng Sang. Brgy. ng Bubukal na inilalaan ang pondong natira nang taong 2001 na nagkakahalaga ng P76,989.07 para sa pagpapaayos ng bahay-pamahalaan at paglalagay ng mga dibisyon at cabinet sa halagang P35,000.00; gastusin para sa Kesong Puti Festival (P20,000.00); talakayan sa Barangay (P10,000.00) at bisikleta para sa mga Barangay Tanod (ronda) (P11,989.07).

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan